

Ang Pangarap ng Sirena

Dyesebel, a mermaid
Alvin Alcano, marine biologist
Fredo, a doctoral student in anthropology
Gildo, Fredo's assistant
Ava, former beauty queen and Don Juan's wife
Don Juan, rich owner of Reef World Resort
Melba, sister of fisherman, Paolo
Buboy, Melba's little brother
Madam/Sir Pasco, barangay chief
Josephine/Joseph, Madam Pasco's assistant
Dona Guada, a crazy millionairess who owns an aquarium
Community members
Total: 5 women, 5 men

Scene 1

(dark, sounds of bubbles and surf, back light reveals grotto. Dyesebel swims in shadow with other sea creatures)

Dyesebel Inay Lucia! Inay Lucia! Inay, nasaan ka? Bakit hindi ka sumasagot? *(swims, exits)*

(Fredo and Gildo search with flashlights for fossils)

Fredo *(points)* Heto. *(Gildo digs, Fredo sifts, picks up something)* Tingnan mo ito!
(picks up bone)

Gildo Buto ng tao?

Fredo *(sarcastic)* Hindi, buto ng manok.

Gildo Mukhang matanda na...

Fredo Kailangan nating dalhin sa lab para sa Carbon dating, nang malaman ang edad nito. *(he carefully wraps the bone)*

Gildo Let's call it a day.

Fredo Hukay pa! Malapit na tayo. Gusto kong pasukin yung mga dulong kweba.

Gildo Delikado doon!

Fredo May nararamdaman ako...

Gildo Sa buto mo?

Fredo Tumpak.

Gildo ‘Yan ang gusto ko, bone-to-bone communication. Kalimutan na ang utak, kalimutan na ang dating research!

Fredo Wala naman akong kinakalimutang kahit na ano. Ine-explore ko lang ang hindi pa nae-explore!

Gildo Malapit nang tumaas ang tubig, mabilis pa namang mag high-tide rito

Fredo Sige na, hukay pa. (*they keep searching*)

Gildo (*shakes his head*) Obsessed ka na eh! Ni wala ka ngang pera o gamit para gawin ‘to ng tama.

Fredo Kung meron akong resources, hindi mo tatawaging obsession ‘to kasi matagal ko nang napatunayan. At least may nakuha akong grant para bayaran ka bilang assistant ko.

Gildo Limos.

Fredo Etong mga kwebang ito... maraming sikreto. Baka dito ang lugar ng pinakaunang tao sa Asya. ‘Di ba sabi ni Fox, “the Tabon Man had to be at least 22,000 years old”, pero iba ang sinasabi ng mga layers sa ilalim natin: may signs of human presence 40,000 years ago!

Gildo I really don’t feel more significant kasi lahat ng ninuno ko ay 20,000 years older than before.

Fredo Pero ayon sa migration theory ni Otley Beyer, 250,000 years talaga. Di ka ba nae-excited malaman ‘to? Ibig sabihin ka-lebel natin ang mga naunang *homo sapiens* sa mundo!

Gildo Natin?

Fredo Alam mo namang kailangan kong lagyan ng *nationalist twist* para makuha ko yung grant. Syempre, I support Dr. Jocano's theory of local evolution sa ibang mga isla...,

Gildo Otherwise, baka isipin nilang nasa bingit ka ng kabaliwan!

Fredo Pero hindi ko pwedeng idismiss ang idea ni Beyer ng first Filipinos na lumipat mula sa Borneo...

Gildo Look, even if Beyer is right—a big *if*—at kung yung 'Dawnmen' niya 250,000 years ago ay tumawid sa land bridges galing sa Borneo, matagal na din silang nakaalis.

Fredo Indonesia and China, meron silang Java at Peking Man. Why can't we have our Palawan Man?

Gildo Well, sa ngayon, mas gugustuhin ko pa ang mga Palawan Woman. 'Yung buhay. At wala namang ebidensiyang nakita.

Fredo Kaya nga hahanapin natin.

Gildo Besides, wala namang geologic signs ng "land bridges" kaya hindi tayo sigurado doon!

Fredo Feeling ko kasi hindi kumpleto yung mga theory nina Beyer at Jocano —the first humanoids might have migrated from the mainland, pero may in-between stage na hindi pa nadidiskubre. Yung 'out of the Africa' theory ang nagsasabing modern humans migrated from the savannah 200,000 years ago, pero hindi sila tumawid papunta dito gamit ang tulay na lupa o anumang balsa, kundi...

Gildo Ano?

Fredo Kundi lumangoy sila.

Gildo Okay, binabawi ko na yung sinabi ko. Baliw ka nga talaga.

Fredo The Luzon Aetas might be the earliest continuous inhabitants on the islands, Pero hindi sila ang naunang nag-evolve. I just know it.

Gildo Ngayon, lumabas din ang totoo. Hindi yung first Filipino, pero yung first *homo sapiens* sa Asya ang gusto mong makita? Fredo, kung ano man ang gusto mong makita, naanod na ‘yon.

Fredo Kaya nga kailangan pa nating maghukay... sige na. Kailangan kong makakita ng buto.

Gildo Hindi pa ba pwede ‘yung mga palayok at stone tools?

Fredo Kailangan ko ng skeleton ng tao... pero walang paa.

Gildo Whoa, man! Ano yun, parang ancient torture?

Fredo Hindi, eto ang paniniwala ko: our most ancient marine ancestor developed legs as it emerged from sea to land.

Gildo Tulad ng isang buteteng naging palaka?

Fredo Parang ganun na nga. Nanggaling tayo sa mga nilalang na kayang mabuhay sa tubig, pero umakyat sa lupa para magparami, parang mga seals at penguins. Tapos bumalik sa dagat, kumalat sa dagat bago umakyat ulit sa lupa. That explains their dispersal from Africa at bakit wala pang land fossils na nadidiscovers.

Gildo Ano? From land to sea, tapos balik sa land?

Fredo Baka may nagbago sa kapaligiran, kaya sila nagbagong-anyo

Gildo Sandali! Masyadong lumalalim.

Fredo Ang sabi nga sa ‘aquatic ape theory’ ang mga tao raw ay galing sa isang klase ng marine mammal at hindi sa mga chimpanzee....

Gildo So parang dolphins?

Fredo Hindi, aquatic ape. Yun lang ang makakapagpaliwanag kung bakit...

Gildo Bakit meron tayong palikpik?

Fredo ... Kung bakit tayo hairless bipeds na nakakalangoy.

Gildo Well, nakakalangoy ang mga aso at walang buhok at mga elepante.

Fredo Pero nakakahinga tayo sa ilalim ng tubig. Tapos our subcutaneous fat...

Gildo I could do with a little female subcutaneous fat right now....nicely covered in a bikini.

Fredo ... ay naka-attach sa skin natin katulad ng mga marine mammals. My version of the aquatic ape theory...

Gildo Quack hypothesis yan

Fredo ... our existence in the water explains both how *homo sapiens* migrated out of Africa to Asia *and* why we're different from our primate ancestors.

Gildo Malabo, Fredo.

Fredo Pero maganda. Siguro may basehan yung mga deep feelings natin sa dagat. Deep feelings based in something so...

Gildo Elemental? Parang amniotic fluid?

Fredo Oo! Kailangan nating maintindihan ang roots natin sa tubig, kung gaano ka-strange ang komposisyon ng mga katawan natin, kung bakit tayo nakakatagal sa tubig, ang ating embryonic gill slits at vocalizations... LUHA! Ang mga luha natin!

Gildo Big questions.

Fredo And the answer might be right there, sa mga malalaking kwebang na ito.

Gildo Pero kailangan na nating umalis. Tumataas na ang tubig.

Fredo Sige. Mauna ka na. Susunod na lang ako. (*Gildo goes. Fredo turns back shines his light in back cave, goes behind screen*). Ha? (*He fishes out a skull. Lucy in the sky with diamonds music*) I don't believe it. Whole, intact, beautiful Homo Filipinesis, ang pinakaunang tao on the islands, perhaps in Asia, perhaps the

world. Oh my darling. My Lucia, Lucia, Lucia....ah! (*he kisses the skull and the tide comes in and knocks him over. Dyesebel swims in.*)

- Dyesebel Lucia? Inay, ikaw ba yan? Hmm? Sino 'yon? At tinatawag niya ang pangalan ng Lucia? Anong ginagawa niya dito? Oooh, ang gwapo niya kahit nakapikit. Subukan ko ngang gisingin siya. (*kisses him*) Mmmwaaah!
- Fredo (*panics, looks around for he skull*) Lucia! Nasan ka? Sino ka? Anong nangyari sa Lucia ko?
- Dyesebel Lucia mo?
- Fredo Yung bungo ko! Hindi, yung bungo niya. (*dreamy*) Ang pinakamagandang bungo sa buong mundo.
- Dyesebel Napalakas nga yata talaga ang tama ng bungo mo sa bato, no?
- Fredo (*shakes her*) Kinuha mo ba? Ay, sorry. Sino ka ba?
- Dyesebel Dyesebel.
- Fredo Dyesebel? I've heard that name somewhere. Ikaw ang sumagip sa akin?
- Dyesebel Oo, at ang swerte mo sinagip ka ng isang kasing-ganda ko.
- Fredo Hindi, ay oo, napaka... napakaganda mo, pero yung bungo ko... kailangan kong makita ang bungo ko!
- Dyesebel Ok, sige, paalam! (*about to leave, he sees her fish tail*)
- Fredo Sandali, wag ka munang umalis. Si... Ano ka?
- Dyesebel Hindi ba halata?
- Fredo Si-sirena!
- Dyesebel Gusto kong malaman kung bakit mo tinatawag ang aking Inay Lucia?
- Fredo Ang iyong Inay Lucia! My God, this gets more wonderful. Isa kang sinaunang nilalang na mala-tao mula sa dagat. An ancient humanoid creature of the seas!

Dyesebel *(insulted)* What? Anong “sinaunang nilalang”? Pwedeng paki-ulit?

Fredo Pero, isa kang tunay na sirena, hindi lamang isang alamat. Matutulungan mo akong patunayan ang teorya ko. Ikaw ang aking tunay na ninuno!

Dyesebel Hindi ko alam kung nabagok ba ang ulo mo o sadyang baliw ka lang talaga, pero hindi tayo magkamag-anak. Buti nalang may itsura ka... kahit baliw ka. Naglow tide na, ayan, pwede ka na umalis. *(she turns to leave)*

Fredo Wag ka munang umalis, ah--diwata, dyosa. Paano kita makikita ulit?

Dyesebel Minsan lang ako napapadpad dito, mas gugustuhin kong hindi makasalubong ang mga taga-baryong gusto lang na itaboy ako.

Black out

Scene 2

Melba *(throws a fish net, sees something and gasps)* Sirena!

Gildo *(enters)* Melba, nasaan utol mo? Masama pa din pakiramdam ni Fredo, kaya kailangan ko si Paolo kasama sa kweba.

Melba *(throws a rock)* Salot! Umalis ka dito! Layas!

Gildo Ano ‘yan?

Melba Tingnan mo, isang sirena!

Gildo Totoong sirena? Wow, ang ganda. *(grunts)* Nasaan na ba si Paolo at ‘yung lintik na bangka niya?! Gusto kong pumalaot.

Melba Hindi, Gildo! Lumayo ka sa kanya... Malas lang ang dala niya sa mga tao dito.

Gildo Sandali... Swerte ang dadalhin niya para satin. Halika, sumama ka sa akin. *(exit)*

Ava *(in a swimsuit, looking at plans, lying on chaise lounge)* Hmm, itong buong complex na ‘to? It’s awfully ambitious, Juanito. Sigurado na ba ‘yang Singaporean partner mo na okay na lahat ng investors?

Juan Oo naman, Ava. They're lining themselves up to be part of Reef World, the world's first underwater resort. Mga engineers na lang at mga plano nila ang hinihintay. Look! Did you see the casino....

Ava What's this sea horse-shaped building?

Juan Isang marine science center! Hindi tayo titigil sa isang underwater restaurant. Kung maayos ng mabuti ang structure at tuloy-tuloy ang daloy ng turista, we'll expand next year. Ang kulang na lang ay something "grand" para sa Grand Opening. You disappoint me, Ava, dear. Akala ko pa naman, you can give me something really spectacular.

Ava And... I stick by my beauty contest. Mas magandang yun na lang ang gawin natin. Imagine lahat ng magagandang babae na pupunta o rarampa! Basta kailangan lang nating siguraduhin na 'yung restaurant at mga babae 'yung kinukuhanan ng cameraman, hindi yung mga marurumi at pangit na bangka diyan sa tabi-tabi.

Don Juan Ah, those boats. Sinabihan ko na si Madam Pasco na itabi 'yang mga 'yan. I mean, okay na ang konting mga bangka para sa local color tourists, pero masyadong madami itong mga bangkang 'to. I can't have them dynamiting the corals right in front of us.

Ava *(looks over her sun glasses)* Hmm, may cute guy na padating... He looks very excited.

Gildo *(coming with Melba)* Madam, good afternoon. Don Juan, sir?

Don Juan Yes, sino ka?

Gildo Gildo Mendoza, research scientist po, investigating the local caves for anthropological objects.

Don Juan Okay, well, have you found anything... interesting?

Ava And his real meaning... ay kung may nakita ka bang mapagkakakitaan?

Gildo Meron nga po. Si Ate may nakitang kakaiba.

Don Juan *(to Melba)* Hmm, nakita na kita dating nangingisda. I'm worried na makita ka ng mga future guests namin at ma-turn off.

Gildo May nakita nga po akong kakaiba, isang... sirena.

Don Juan Hmm, well... Tell me!

Melba Meron po doon sa may batuhan. Madalas siyang nakikita dito, pero pagkatapos siyang makita, laging may nangyayaring masama. Bagyo, lindol, epidemya, at iba pang mga ganoong bagay. Kaya tinataboy siya ng mga tao dito.

Gildo Ang tingin sa kanya ng mga tao dito ay malas. Pero isipin ninyo, pag nahuli natin siya at ilagay sa isang malaking aquarium, pagkakaguluhan 'yan ng mga foreigners.

Ava Or pagsuotin na lang natin ng fish tail costume 'yung models, diba?

Gildo Pero wala pa ring tatalo sa ganda ng isang tunay na sirena, Sir.

Juan Ava, dear, baka ito na 'yung "grand" na hinahanap natin! A real mermaid! Kailangan lang natin ng isa pang "grand" way para ipakita siya sa mga tao.

Ava --I know! Tawagin na lang natin yung beauty contest na "Reef World Sirena Competition" at ang mga contestants ay lalangoy galing sa bangka sa may pampang papunta dito! Si Vilma Santos na mismo ay nag-aral lumangoy to play Dyesebel in 1973. A beauty contest promoting water safety!

Juan At kung hindi sila marunong lumangoy, pwede mo silang turuan. *(to Gildo)* Magaling ang asawa kong lumangoy, talagang para siyang sirena sa dati niyang buhay. Brilliant, my dear. Imagine 'yung mga magagandang babaeng aahon basang-basa at kumikinang galing sa dagat...!

Gildo Brilliant! *(flirts with Ava)*

Juan Well, kaya mo naman ba siyang hulihin?

Gildo *(pointing to Melba)* May bangka po yung kapatid nitong si Melba. Kaya naman po namin kung... *(shrugs and makes money gestures)*

Juan No, walang pera hangga't 'di mo siya nadadala dito.

Gildo Pero Sir, kailangan pa naming ayusin ‘yung bangka. Kailangan pa ni Melba na pakainin ang pamilya niya.

Juan Edi manghuli sila ng isda habang hinuhuli niyo yung sirena?

Ava Juan, just give him a little... encouragement.

Gildo Thank you, Madame Ava. You won’t regret it. Tara, Melba.

Juan At gusto kong kuhanan mo ng litrato ‘yung sirena. Kailangan kong makita ang itsura niya.

Gildo *(outside to Melba)* Basta, magkasama tayo dito, Melba, ha?

Melba Pero wala tayong camera. Sila na ba bahala doon?

Gildo Siguro. Basta walang iwanan, ha? Paano si Paolo?

Melba Basta makakuha siya ng motor para sa bangka niya, gagawin noon ang kahit ano. Alam niyang hindi habang-buhay siyang magda-dynamite ng mga corals at kailangan niya ng mas maayos na motor ng bangka para makakuha ng mas malalaking isda na malayo sa pampang.

Gildo Makukuha niya ‘yung motor niya pag nakuha natin yung sirena. Basta, walang iwanan, Melba. Magkabakas tayo dito. Basta’t mabigay mo sa akin yung sirena, ako na bahala kay Don Juan at makukuha natin yung pera. At... ‘wag na ‘wag mong sasabihin to kay Fredo.

Melba Sige ba! Deal! *(Don Juan calls, she exits.)*

Juan *(enters)* Gildo, I’ll let you in on a little secret. Unang step pa lang ang underwater restaurant na ‘to. It’s only the tip of the iceberg.

Gildo Iceberg? Dito?

Don Juan Well, may global warming, right? At each time na may bagyo, palala ng palala pa. “Preparedness” ang first step ng mga tao. Then afterwards, it’s “Trauma control.” Tapos “Community rebuilding” kasi lagi silang late. At wala silang ginagawa kundi magreklamo tungkol sa ‘terrible natural disasters.’ Pero ako... I

say 'go for it'. Be ahead of the wave, surf the crest. If the tide is rising, dive under it.

Gildo Brilliant, Sir. Pero paano ka hihinga?

Don Juan Ano ba... Metaphor lang 'yung "dive". Magtatayo tayo sa ilalim ng biggest underwater habitation sa buong mundo! A mega-resort 60 feet sa ilalim ng dagat! Para kahit gaano pa kataas ang tubig dahil sa high tide, pwede lang tayong manood sa likod ng isang glass barrier.

Gildo Brilliant.

Don Juan Imagine it! Restaurants, conference rooms, casinos na may malalaking glass panels—a 270 degree view. Pwede ka lang umupo at mag-relax sa isang lounge chair with a cocktail at makikita mo ang buong dagat at mga isdang lumalangoy sa tabi mo!

Gildo Tapos, tapos may swimming pool?

Don Juan Brilliant! A swimming pool sa loob ng dagat! But seriously, nakikita mo ba ang mga plano ko, Gildo? Isang napakagandang future nito para sa atin, para sa Pilipinas. We're on the cutting edge of ecotourism. Makuha lang natin 'yang sirena, she can help us make the Reef World a reality.

Gildo Sir, makakaasa kayo. *(exit)*

Black out

Scene 3

(Buboy is outside the room, eavesdropping)

Pasco *(enter carrying a folder)* Malas! Isang taon na nating tinatrabaho ang sangtwaryo kasama si Dr. Angel, pero ano? Hindi pa man naipapaliwanag sa buong barangay, e nagkasakit si Dr.. Anong gagawin natin?

Josephine 'Yung sakit bang hindi makalakad?

Pasco Mabagal ang recovery

Josephine Kawawa naman, pero hindi ba pwedeng wala siya? Baka pwede namang magtanong nalang tayo ng mga katrabaho niya?

Pasco Gusto niya magsama ng ilang mangingisda dun sa Apo para ipakita ang mahusay na sistema ng sangtwaryo doon. Iniisip kasi niya na iba pa rin kapag nakita ng sarili nating mga mata. Ipapakilala na tayo dapat ni Dr. sa NGO na pwedeng magpondo para sa unang taon ng project.

Josephine Baka pwedeng tayo nalang mismo kumausap sa mga NGO na ‘yan?

Pasco Kilala at pinagkakatiwalan nila si Dr. Angel, siya lang ang susi natin para matuloy ang project na ito, ipagdasal na lang natin siya. (*hears a sound from outside*) Ano yun? Alamin mo kung anong nangyari?

Josephine (*brings in Melba*) Kapitana, may nakakita na naman sa kanyang nagpupukot sa pampang. (*Buboy eavesdrops again*)

Pasco Melba, ilang beses na kitang pinagsabihan na tumigil. Kayo ng kapatid mo ang pinakamalaking sakit sa ulo ko. Sa susunod na mahuli ulit si Paolo na gumagamit ng dinamita, kukumpiskahin ko na ‘yang bangka niyo.

Melba Alanganin naman po, wala kaming magagawa! ‘Yung mga nahuhuli naming isda ay pakonti ng pakonti at paliit ng paliit! Ni hindi na nga namin kayang bilhin ‘yung presyo nung mga isdang nahuhuli namin!

Pasco Ano pa bang magagawa ko? Bubuksan na ni Don Juan ang kanyang resort. Hindi yun papayag na mangisda at manguha kayo ng corals gamit ang dinamita, lalo na na sa harap ng mga bisita.

Melba Oo, “eco-tourism” daw ‘yung tawag niya para maprotektahan daw ‘yung kalikasan... Pero wala siyang pakialam sa mga nakatira dito!

Pasco Sinasabi ko sa’yo ‘to para sa ikabubuti mo. Ibang klase mag-isip yung ibang foreign divers. Pwede nilang sirain ang mga lambat niyo. Sige nga, anong gagawin mo kapag nangyari ‘yon?

Melba ‘Susko. Ako lang yung dehado kasi mahirap ako!

Pasco Hindi lang ikaw, maraming tulad mo na basta lang nagpupukû at nakikita ng lahat.

Melba Pero hindi man lang pinagagalitan ni SPO4 Zamora ‘yung mga staff ni Don Juan na kinukuha lahat ng mga isda namin? Sa teritoryo mismo namin? Magpapalusot pa na porket sira daw yung motor ng bangka niya o masyadong delikado yung mga alon o may paparating na bagyo at hindi siya makaalis.

Josephine Kapag natapos na ang sangtwaryo ay mahigpit ko ng ipatutupad ang pagpapaalis ng mga nangingisda doon.

Melba Kawawa na nga ‘yang kapatid kong si Paolo. Namamangka ‘yan hangga’t sa dumilim para lang makaipon pambili ng bagong motor. Para makapamalaot lang sa mas malayo-layo at hindi na gumamit ng dinamita! Alam ng lahat na nauubos na ang mga isda dito. Ni hindi nga makakabusog ng pusa ‘yung mga nahuhuli ko.

Pasco Pakinggan mo ako Melba, ginagawa ko ang lahat para matulungan kayo, pero kailangan ko ang tulong mo.

Melba Tulong ko?

Pasco Ikaw at ang buong barangay. O siya pwede ka na umalis at iwas-iwasan mo munang makisali sa gulo, ipagdasal mo na maumpisahan na ang plano. Maasahan ba kita? (*Melba nods and leaves*)

Josephine May naisip ako e—

Pasco Ano yun?

Josephine Alam niyo po ba yung biglang dumating na bata-batang doktor na may permit para pag-aralan yung mga kweba banda dito?

Pasco Oo.

Josephine Baka pwedeng ipakita natin yung kasunduan niyo ni Dr. Alcano at ikwento ang gusto nating mangyari sa sanctuary project na ‘to.

Pasco Magpapanggap siyang Dr. Angel Alcano?

Josephine Or ipakilala natin siya bilang substitute ni Dr. Alcano, kunwari’y kaibigan niya galing Silliman Laboratory.

Pasco ‘Di ko sigurado kung kakayanin nga ng batang yun ang gawain. Baka mahirapan pa kong itago ang identidad niyan. Isa pa, problema pa natin yung perang

manggagaling sa NGO, saan ko naman kukunin yun?

Josephine Palagay ko po baka pwedeng galing kay Dona Guada?

Pasco Utang na loob, ayokong makigulo dyan sa baliw na yan, lalo na yang tungkol sa aquarium niya.

Josephine Well, siya ang may pera eh. At mukha namang gusto niya talagang tulungan yung mga hayop dito satin.

Pasco Sumagip ng hayop, oo, pero hindi ng mangingisda.

Josephine Edi ipakita natin sa kanya na sa pagtulong niya sa mga mangingisda natin, matutulong din niya yung mga isda. Package deal, kumbaga.

Pasco Haha! 'Di tayo pakikinggan nun

Josephine Pero... (grins) Baka makinig sa GWAPONG... substitute ni Dr. Alcano.

Pasco A! Okay, ito ang gagawin natin. Tawagan mo si Dr. Angel, sabihin mo sa kanya ang ating plano, kapg pumayag siya, saka natin kakausapin yung scientist

Buboy (*calling to sea*) Dyesebel! Dyesebel! Asan ka? Halika dito!

Dyesebel Ano? Anong nangyari?

Buboy Lapit pa.

Dyesebel Ayoko. Wala na akong tiwala sa'yo. Alam kong gusto akong hulihin ng kapatid mo.

Buboy Oo, pero kaya mong tumakas sa kanya! Kailangan mo lang pumunta dito sa lupa!

Dyesebel. Bakit? Nakita mo ba ang Inay ko?

Buboy Hindi, pero kailangan ka ng barangay lider!

Dyesebel Buboy, ayaw sa akin ng mga tao. Gusto nila akong patayin.

Buboy Kaya kailangan mong mag anyong-tao. Hindi lang basta tao, pero lalaki. Lalaki at isang scientist!

Dyesebel Ang laki ng hinihingi mo sa akin. Pero... paano ko makikita muli ang aking Fredo?

Buboy Magiging pantay kayong dalawa. Papamanghain mo siya sayo!

Dyesebel Bilang... lalaki?

Buboy Oo, pero pag-iisipan natin 'to mamaya. Pero ngayon, kailangan mong maging Dr. Alcano at tulungan kami na ituloy ang fish sanctuary na plano ng barangay. Kung magiging ikaw si Dr. Alcano... makakatulong kang gumawa ng isang sanctuary para sa mga isda at iba pang nakatira sa dagat. Kung magiging si Dr. Alcano ka, hindi ka din makikilala ng kapatid ko. Ito na yung chance mo, Dyesebel. Kunin mo na 'yung magic shell mo, at mag anyong-tao ka!

Dyesebel Sigurado ka ba dito, Buboy? Isa na lang ang natitira kong transpormasyon sa aking kabibe, hindi na ako makakabalik sa lupa pagkatapos nito.

Buboy Kaya mo 'to, Dyesebel. Kukuha na ko ng mga pwede mong damit.

Black out.

Scene 4

(Assistant returns to Pasco)

Josephine Malas po eh. Wala na pong malay si Dr. Alcano, hindi mo na makausap ng matino.

Pasco Ituloy na natin ang plano kahit walang go signal niya, nakausap ko na yung anthropologist na mag-aaral sa ating plano.

Buboy *(running in)* May parating na opisyal.

Pasco Opisyal?! May bisita ba tayong inaasahan?

Josephine *(thinks)* Wala naman, si Dr. Alcano lang po

Alvin Hello, Madam Pasco. Ako nga pala yung... anak ni Dr. Alcano. Binilin sa akin ng tatay ko yung plano niya tungkol sa gagawing fish sanctuary. *(Dyesebel*

dressed as a man and with a scar on her face) I hope we can move ahead quickly so I can return to him.

Pasco Ah, oo naman, Mr...Dr...

Alvin Dr. *Alvin* Alcano.

Pasco Welcome po, magpapatawag na kami ng meeting ngayong gabi para maipaliwanag na ninyo ang programa. Gusto na naming iimplement yan pero hindi lahat ay gustong makiisa. Sana matulungan ninyo kami na kumbinsihin sila. At yung tungkol sa NGO?

Alvin NGO? (*glances a Buboy who nods*) Ah oo, ginagawan na namin ng aksyon.

Pasco Good, good.

Fredo (*bursts in*) Kapitan Pasco, ano pong maipaglilingkod ko sa inyo? Ay sorry, nag-uusap pala kayo.

Pasco Dr Fredo, ah, come in and meet Dr. Alvin Alcano. Dr. Fredo, a, pasok po kayo, ipakikilala ko sa inyo si Dr. Alvin Alcano.

Fredo Nice to meet you. (*uneasy*) Nandito ka rin ba para maghanap ng fossils?

Alvin (*laughs*) Nope. Hindi naman ako interesado sa mga bungo at buto.

Pasco Si Dr. Fredo ay nag-aaral tungkol sa mga sinaunang...

Fredo Mga bungo at buto. Dr. Alcano, nagkakilala na ba tayo dati? Parang pamilyar ang hitsura mo e.

Alvin I don't think so. Isa akong marine biologist at mas interesado ako sa living things at sa pagmo-monitor ng kaayusan ng mga karagatan.

Fredo I see. Well, I'm all for that. Kung may maitutulong man ako, just let me know. Madame Pasco, may concern pa ba akong...

Pasco Wala na ho, Na-solb na ni Dr Alcano ang lahat ng aming problema. Gusto ko lang na magkakilala kayo sakaling magtagpo ang inyong interes.

Fredo Ah, very good. O siya, balik muna ako sa mga kweba. So little time to search bago lumaki ang mga alon. (*exits and sees Buboy outside*) Buboy, pahatid naman ako sa mga kweba? Hindi ko makita si Gildo e...

Buboy Kasama niya si Paolo.

Fredo Saan pumunta?

Buboy Doon po sa may batuhan?

Fredo Bakit? Anong meron? May nakita ba siya habang... di maganda ang pakiramdam ko?

Buboy You mean habang nababaliw po kayo? Wala naman po.

Fredo May mga sinabi ba akong kakaiba habang... masama ang pakiramdam?

Buboy Ah, oo! Bungo, Lucia, lumalangoy na unggoy, tungkol sa mga ninuno--kung anu-ano mga pinagsasabi mo. Baliw!

Fredo Hala, talaga. Wag mo na lang pansinin. Parang pamilyar talaga yung Dr. Alcano na yun e. Yung peklat niya sa mukha, parang pamilyar e

Buboy Sabi niya nakagat daw siya ng jellyfish...

Fredo Yung mga mata niya... Nababaliw na yata ako. Tara na, alis na tayó.

Black out

Scene 5

(lights up in house as Alvin addresses the audience as if it were the barangay)

Pasco Magandang gabi sa lahat. Malugod kong ipinakikilala si Dr. Alvin Alcano, ang tutulong sa atin na maumpisahan ang sangtwaryo. Mahigpit na ipagbabawal ang paggamit ng dinamita, cyanide, pagpupukût, at lahat ng uri ng pangngisda. Kung gusto natin na patuloy na tumira dito sa isla, ititigil natin ang ganitong gawain.

Alvin Sinimulan ng aking ama ang unang fish sanctuary sa isang islang hindi pamilyar, para makita niya kung gaano kabilis na mapapalitan ang fish stock. Tapos, umabot sa tatlong taong negosasyon sa mga mangngisada ng APO island ang tungkol sa

sanctuario. Ngayon, napakalat na siya sa maraming isla kaya inaayayahan ko po kayo na subukan ang proyektong ito. Responsibilidad nating protektahan at pangalagaan ang sanctuario.

Pasco Nangako si Don Juan na magbibigay ng part-time na trabaho sa restaurant para magkaroon ng extra income ang mga taga rito habang nagrerekober ang sanctuario.

Alvin Sa tulong ng barangay lidere, donors, mga businessman, at inyong kooperasyon.

Pasco At ang inyong scientific expertise!

Alvin Yes, at yun din, Alam kong ang sanctuariong ito ay magiging pang-matagalang plano kung saan ang lahat ay makikinabang.

#1 Gaano katagal kaming maghihintay?

Alvin Isang taon. We have to let the sea regenerate for one full season. Kapag naging maganda ang resulta nito, mas maganda na maghintay pa tayo ng isa pang taon. At dapat walang gagalaw ng sanctuario---walang mangingisda, walang lalangoy.

#2 Isang buong taon?

Alvin Oo. Makakahuli ka na ng magandang isda kahit ika'y nasa pampang lang.

#3 Alam nating naging matagumpay ang Apo fish sanctuary dahil kaya nilang mag-isa lamang na walang pondo. Walang mga lumilipat o mga magnanakaw ng isda sa kanila. Sila mismo ang kumikita ng pera sa mga huli nila o sa mga divers na dumadayo. Pero tayo, kailangan pa nating sumundo sa mga gustong framework ng gobyerno gaya ng NIPA. Hindi natin kayang magdesisyon ng sarili lang natin!

Alvin Tama ka. Marami pang dapat pagka-sunduan kasama ang gobyerno pero ang kapitan niyo'y pamilyar na sa mga regulasyon at mga dapat na gawin.

#2 Kung kayang magdala ng mas madaming isda ng sangtawyo, magkakaroon ng mas madaming turista. Pero hindi natin maku-kontrol ang mga sinisingil sa divers. Kukunin lang ng gobyerno ang mga kita natin, at ibabalik sa napaka-liit ng halaga!

- #3 At maghihintay pa ng napaka-tagal para sa perang ‘yon!
- #1 Paano naman ang mga nagnanakaw ng mga isda natin! ‘Yung mga poachers na ‘yan!
- Alvin Katulad ng napag-usapan, merong satellite tracking system na papaganahin sa bansa. Ita-target nito ang malalaki at maliliit na trawlers sa susunod na apat na taon.
- #1 Hindi natin kayang pigilan yung mga poachers na ‘yan na ganoon nalang.
- Alvin Magkakaroon tayo ng sariling “bantay dagat” para sa mga mangingisda at trawler na umaaligid sa sancuatrio. Kahit sino sa inyo ay pwedeng magbantay at magkakaroon don ng ikutan sa pagbabantay. Magdo-donate ako ng binoculars. (*palakpakan*) Kami ni Madam Pasco ay magre-report din kung sino man ang lalabag ay pagbabayaran.
- #1 Masyadong maliit na nga ang mga multa, maliit din pati ang mga benepisyo!
- Alvin Siyempre sa una, maliit lang ang makukuha niyong benepisyo. Pero unti-unti ring lalaki ito. Hindi kayo yayaman pero ang mga buhay niyo’y uunlad. Kailangan lang talaga dito ay pasensya, magandang pamamahala, kooperasyon niyo, at...
- #2at napakadaming perang kailangan. (*laughter*) Sinong tutulong samin habang hindi kami makapangisda dahil sa sangktwaryong ‘yan?
- Alvin Magandang tanong. Meron akong magandang sagot para diyan pero sasabihin ko sa inyo ‘yun sa Reef World Resort Grand Opening.
- #1 At sa tingin mo, iimbitahan kami ng mga mayayamang ‘yan?
- Alvin Sisiguraduhin kong nandoon kayo sa announcement. Hindi ko sinasabing hindi magkakaroon ng problema pero kung willing kayong tumulong, magagawa tanong paraan. Alam kong gutom na kayo, tara kain na tayo.
- Pasco Alam kong kailangan niyo ng umalis bukas pero baka naman pwede ninyo kaming matulungan sa bago naming problema. Ang mga tagarito ay may namataang sirena, pinaniniwalaan itong nagdadala ng malas. Sa kabilang banda, binabayaran ni Don Juan si Gildo, yung asistant ni Dr. Fredo

para mahanap. Laganap na sa barangay, kaya lahat ay gustong mahuli ito. (*takes Alvin aside*)

Alvin Wala akong alam sa mga sirena.

Pasco Nakalimutan niyo na ba yung kaso noon sa laboratoryo ng Siliman Marine Science?

Alvin Ano? Ah ako---

Pasco Noong merong mga taong nakakita na may sirena daw na kinulong sa laboratoryo para sa experimento ng mga scientists doon. Ang tatay mo lang ang sumagip sa kanya. Ngayon, si Don Juan naman ang gusto siyang hulihin at i-display sa isang tangke.o

Alvin Well, baka nagkaroon din ako ng tiyansang gawin ang bagay na yan bukas sa Grand Opening. Subukan ko na rin.

Black out.

Scene 6

(change music while actors change costume for costume ball at the resort. Reef World Sirena Competition banner. Everyone dressed with a sea theme. The beauty contestants parade out. A singer croons a sea theme song)

Ava *(Alvin dances with Ava)* You dance so well.

Alvin Ikaw din.

Ava Para kang lumulutang... without any legs at all.

Alvin Oo nga, gumagalaw tayo na parang nasa tubig.

Ava What do you think of this underwater restaurant?

Alvin Very homey.

Ava What do you think of the contestants?

Alvin *(looks around)* Maganda sila, pero wala silang panama sa iyo.

Ava Don't flatter me. Sa edad kong ito, it's not good for my heart to go all fluttery. Tell me, what's the secret of your scar?

Alvin Do you find it offensive?

Ava No, it's intriguingly attractive. *(she tries to touch it, he pulls away)*

Fredo *(Fredo and Gildo step outside on the beach)* Mabilis talagang kumilos ang Alcano na 'yan.

Gildo *(watching Alvin dance with Ava)* sinabi mo pa.

Fredo Nakapagdesisyon na sila kung saan itatayo 'yung sanctuary.

Gildo Hindi nagustuhan ni Don Juan. Gusto nya dito where his underwater diners can watch the fish.

Fredo Mabuti nga at wala nang magpupukot at magda-dynamite fishing sa lugar niya. Makuntento na siya roon. Nga pala, anong ginawa mo nung may sakit ako?

Gildo Nu'ng intake ka ng kabaliwan? Nagpunta ako sa batuhan.

Fredo Bakit? Ano bang hinahanap mo? Sirena?

Gildo Hindi, ah.

Fredo Mabuti at hindi kita nahuhuling umaakto na parang timang. Naalala ko nung pagkatapos ng Bagyong Ondoy, pumila ang mga tao sa Manila aquarium para makita yung sirena. Maniniwala sila sa mga pinaka-kakaibang kwento, pero ang isang teorya na maaaring magpabago ng pagkakaintindi natin sa pinagmulan ng mga tao, hindi nila mapaniwalaan.

Gildo May dalawang araw na lang tayo dito.

Fredo Kailangan ko pa ng oras. Kung wala akong maipapakita, hindi na ako makakakuha ng fund.

Gildo Hindi mo ba naisip pekein

Fredo Hindi. Alam kong mainit ako sa mata nila ngayon.

Gildo Narinig kong nag-uusap yung Alvin at si Pasco tungkol sa isang milyunaryang baliw. Sana raw pondohan niya ‘yung community sa unang taon ng sanctuary. Balita ko pupunta siya sa party. Bukit ‘Di ka humingi sa kanya?

Fredo *(shakes his head)* Hindi masyadong magarbo ang proyekto ko.

Gildo Dapat kasi magpakitang gilas ka.

Fredo Magkaiba tayo ng paraan. Nakita kitang nakikipaglapit sa asawa ni Don Juan. Mukhang nahulog na si Madame Ava sa bagong dating.

Gildo Hindi pwede yan, kailangan ko umepal*(Gildo goes to cut in)*

Alvin *(eagerly goes to Fredo)* Hindi ka ba sasayaw?

Fredo Hindi ako sumasayaw.

Alvin Sayang. Pwede naman tayong mag-usap.

Fredo Save your *savoir faire* for the millionairess.

Alvin Huh?

Fredo Hindi ba dapat kinukumbinsi mo si Dona Guada na suportahan ang sanctuary?

Alvin Oo, gusto ng kapitan na magsalita ako.

Fredo Mas suswertehin ka kung isasayaw mo siya. Buti pa ikaw, pwede.

Alvin Bakit ang bitter mo?

Fredo Nawawalan na ako ng pag-asa. Baka crackpot theory lang talaga... Muntik na akong magkaroon ng matibay na ebidensya. Hawak ko na yung bungo sa kamay ko, tapos nakita ko siya...

Alvin Siya?

Fredo Umm, oo.

Alvin Sino siya?

Fredo Sana kaya kong sabihin na imahinasyon ko lang siya pero alam kong niligtas niya ang buhay ko...hindi ko na alam kung anong dapat kong isipin. Kailangan kong makita yung bungo para mapatunayan ko ang teorya ko at kailangan ko siyang makita para...

Alvin Para?

Fredo Para malaman kung kagaya nga siya ng inaakala ko.

Alvin At ano namang gagawin mo pag nahanap mo na siya?

Fredo Problema rin 'yan.

Alvin Yayayain mo siyang magpakasal?

Fredo Sa palagay ko ay hindi yung mangyayari, maliban na lang kung prinsipe ako at hahalikan ko siya para maging isa siyang prinsesa. Hindi ko alam kung anong sasabihin ko.

Alvin Bakit hindi ka mag-practice?

Fredo Simula't sapul ay masyado akong subsob sa trabaho ko kaya wala akong masyadong kasanasan sa mga babae. Isa pa, may utang na loob ako sa kanya at siya ang pinakamagandang (*stutters over the word*) uh, babae na nakita ko.

Alvin Isipin mo na lang na ako siya tapos sabihin mo sakín ang nararamdaman mo. Baka mapagaling kita.

Fredo Maaaring awkward ako, pero hindi ako sigurado kung gusto kong gumaling.

Alvin Subukan mo.

Fredo (*looks worried*) Ang problema kasi, sa palagay ko ay in-love siya sa akin.

Alvin Paano mo naman nalaman?

Fredo Tinignan niya ako ng may... pagmamahal.

Alvin Parang ganito?

Fredo Oo! Ganyan nga!

Alvin At anong ginawa mo?

Fredo Tinanong ko siya kung ilang taon na siya.

Alvin Marahil iyan ang pinakapangit na first line sa kasaysayan ng panliligaw!

Fredo Alam ko. Pero hawak ko kasi iyong bungo na maaring 250,000 years old na. Edad ang nasa utak ko.

Alvin Paano kung nahanap niya ang pinakamamahal mong bungo para sa iyo?

Fredo Edi dalawang beses na akong may utang na loob sa kanya..

Alvin *(shakes his head)* Kailangan mong matuto ng ilang bagay tungkol sa pag-ibig, kaibigan.

(Guada enters hideously dressed in a mermaid costume. Don Juan rushes to her and Madame Pasco motions to Alvin)

Don Juan Dona Guada, so good of you to come. Napaka... kakaiba ng costume mo. Let me show you around. *(he offers his arm)*

Guada Very nice!

Pasco Dona Guada, napagakaganda mo naman tonight. Maaari ko bang ipakilala ang ating visiting scientist na si Dr. Alvin Alcano.

Guada Very nicer. *(takes Alvin's arm)*

Don Juan Here, meron kang splendid view ng mga corals.

Guada No good to shine lights on them. They need to sleep.

Don Juan *(laughs)* Sleeping corals... Nakakatawa naman ‘yung joke mo. Nakakatawa, hindi ba Gildo?

Gildo Very clever po, Dona!

Alvin ...and, of course, tama. Namamatay sa madaling araw ang mga ilaw, diba Don Juan?

Don Juan Oh, absolutely. Dito naman, meron tayong feeding station. Dalawang beses sa isang araw...

Guada No feeding station! Isa itong dagat, hindi theme park. The fish must feed for themselves and keep the balance.

Don Juan Pero kung hindi makikita ng mga guests ang mga isda... hindi sila pupunta.

Guada Ayan, dear sir, ang isang rason kung bakit kailangan nating magtulong-tulong para masiguradong madaming isda kahit saan! Save the Ocean. Save the Earth.

Don Juan Indeed. Save the Ocean. I have *saved* the best for last. Ito, Dona Guada! *(an empty tank with toy castle and landscape)*

Guada Hmm, walang laman?

Don Juan Sa ngayong lang walang laman ito, Dona Guada. Here, magkakaroon ng pinakauna, sa buong mundo, isang captive sirena! *(Alvin trembles)*

Guada Sirena! May nuhuli kayong sirena?

Don Juan Gusto sana naming nandito siya ngayong grand opening, *(angry glance at Gildo)* pero nakatakas siya. Pero nakita na siya sa paligid ng maraming beses dito sa baryo.

Guada Wow! Gusto ko ding magkaroon ng sirena sa aquarium ko sa Manila!

Alvin May I suggest, Dona Guada, na hindi pwedeng ikulong sa isang tangke sa isang sirena. Mamamatay lang sila kapag nakakulong, kailanga’y malaya sila para makapamuhay.

Guada At paano mo naman alam ‘yan, my handsome young man?

Alvin (*embarrassed*) Nabasa ko na ito sa kung saan.

Guada Pero ang nakita ko sa TV... namamatay sila para lang sa pag-ibig.

Alvin Tama, para din doon.

Guada Kaya ako nag-costume ng isang sirena. *Love is everything that swims in the ocean and every creature that lives on earth.* That's my mantra.

Don Juan A very good....mantra.

Alvin Ang pinakamagandang lugar para sa isang mermaid ay 'yung sangtwaryo—safe sa dynamita, mga lambat at fish hooks, basura at plastic.

Don Juan Well, magiging safe din siya so loob ng tangke ko.

Alvin Pwede siyang mamuhay ng masaya doon.

Don Juan Paano mo naman malalaman kung anong nagpapasaya sa kanya? Tingnan mo ang mga kababaihan dito, hindi sila magiging masaya na hindi nakikita ang kanilang kagandahan. They want to display their beauty—just like a sirena. Bakit laging lumalapit ang mga sirena sa pampang? Kasi gusto nilang magpakita sa mga tao.

Guada Very nice.

Pasco Pero, sa sanctuary, makikita at makakasalamuha pa niya ang mga lamang-dagat at minsan, mga divers na pupunta.

Guada Veryn nicer! Keep the mystery.

Don Juan Scientists from around the world will come here to study her close up.

Pasco Sa isang sanctuary, pwede siyang maka-meet ng isang merman at magkaroon ng pamilya!

Don Juan Pero half-human siya. Mas madaling makipag-usap sa kanya.

Pasco Pano mo naman malalaman kung anong lenggwahe ang ginagamit niya?

Don Juan Bakit mo ba ako kinakalaban? Kailan ka pa naniniwalang totoo ang mga sirena?

Fredo Siguro dapat tanungin niyo siya kung anong gusto niya.

Don Juan Tanungin sino?

Fredo Iyong sirena.

Alvin Ah yes, mas maayos ‘yon. Dona Guada, gusto naming hingin ang iyong isang taong suporta para sanctuaryo. I’m sure you agree na importante ding tulungan at protektahan ang marine life sa dagat mismo. Para sa kanila, at para sa mga tao ding nangagailangan sa kanila.

Guada Ang ganda ng speech mo, pero...

Alvin Yes, alam ko. *What’s in it for you?* Paano kung ipangako ko sa inyo ang isang private interview with the sirena? Dadalhin ka ni Dr. Fredo sa sanctuary kapag okay na ito.

Juan/Pasco You can’t do that!

Gildo Alcano, sumosobra ka na.

Alvin (to Fredo) Sa palagay mo ba’y sumosobra na ako?

Fredo Hindi. Naniniwala akong kaya mo.

Alvin Dona Guada, maaari bang tulungan mo sa gastusin ang sanctuary sa unang taon?

Guada And if you don’t keep your promise?

Alvin Magpapakalunod ako!

Guada Oh, no, masyado kang gwapo para doon. Pakasalan mo ko. Kapag hindi mo tinupad ang pangako mo. You agree?

Alvin Sang ayon ako...pero iyon ay, kung gusto mo pa rin ako pagkatapos ng isang taon.

Ava Alvin, no!

Fredo Hindi ako sang-ayon. (*whispers*) Sigurado ka ba?

Alvin Siguradong sigurado.

Gildo Matagal na naming hinahanap ang sirena. Araw-araw. Sigurado ka bang makikita mo sya?

Alvin ‘Yung sanctuary mismo ang magpapapunta sa kanya. Kapag dumami na ulit ang mga isda at corals, malalaman niyang ligtas na ulit pumunta. Isang taon mula ngayon, dadalhin ko si Dona Guada para makita siya. Kung papayag kayo, matatapos na ang trabaho ko. (*he leaves*)

Guada (*to Alvin*) Wait! Ni hindi nga tayo nakapagsayaw.

Ava (*to Alvin*) You owe me a dance!

Fredo (*runs after Alvin*) Alvin! Gusto kitang pasalamat sa mga nagawa mo para sa akin..

Alvin You?

Fredo Tinanggal mo ang mga pangamba ko. Sigurado akong ang sirena ang babaeng nagligtas sa akin. Sa palagay mo ba’y kaya mo akong dalhin sa kanya para makita ko siya?

Alvin Para sa theorya mo?

Fredo Well...

Alvin Hindi siya ang ninuno mong aqua ape.

Fredo Alam ko. Masyado lang akong nangarap na sana siya nga. Gusto ko siyang makita ulit.

Alvin Bakit?

Fredo Sabihin mo sa kanya na mahal ko siya.

Alvin Bumalik ka kung saan kayo unang nagkita sa susunod na taon; baka naroon siya at naghihintay sa iyo.

Guada/Ava *(running after him)* Dr. Alcano, wait! Alvin, don't go. *(he dashes away)*

Black out

Scene 7

One year later

Pasco Everything is working out better than planned. Kahit 'yung mga dating hindi naniniwalang mangingisda, nakikita na kung paano lumago muli ang mga corals at dumami muli ang mga isda.

Josephine Kayo po? Sa tingin niyo ba pwede nang makapangisda ulit ng malapit-lapit sa pampang ang mga tao ngayong taong 'to?

Pasco Sigurado ako doon, lalo na kung kontrolado o lilimitahan natin ang dami ng huli sa isang araw. Moderation ang importante sa parteng ito ng sanctuary. Kung maganda at madami ang huli ngayong taong ito, makaka-kolekta din tayo ng pera para makapagtayo ng paaralan dito at marahil kumuha ng ilang scholarships sa siyudad.

Josephine Eh paano po kapag hindi sumipot?

Pasco Sino? Si Alvin? Pupunta siya. Kailangan niyang isulat ang sarili niyang report. Si Dona Guada ay nasa Reef World na, naghihintay.

Josephine Sina Fredo at Guildo naman po ay maghapong nandoon lang sa mga kweba.

Pasco Dumating sila, at alam kong kailangan nilang dalhin yung mga findings nila sa university, pero pwede din nating i-arrange na i-exhibit muna ang mga nakita nila dito.

Josephine Hmm, pwede din po. Dahil doon, maari na din nating taasan ang presyo nung mga cave permits na binibigay natin. *(enter Alvin a little wet)*

Pasco Alvin! Hinahanap ka lang namin. Anong bangka ang kinuha mo?

Alvin Uh, nag-arkila ako ng bangka.

Josephine *(laughs)* Baka naman lumangoy papunta dito o sinalanta ng bagyo.

Alvin Wala iyon..

Pasco Nandito na si Dona Guada. Malamang may dala na din siyang wedding ring.

Alvin At si Fredo?

Pasco Dumating nung isang linggo pa, nasa mga kweba at naghahanap ng kung ano. Napakatagal na at ‘yon lang ang ginagawa niya.

Alvin Pakisabing narito na ako. At kakailanganin ko ng dalawang bangka, isa para kay Fredo at Dona Guada, isa para sa akin. Walang motor.

Alvin Sasabihan ko si Dona Guada na maghanda na. (*leaves*)

Melba (*enters, angry*) Gusto ko ng bagong motor!

Pasco Bakit? Malapit nang makapangisda si Paolo ulit ng may bagong motor.

Melba Hindi binigay ni Gildo yung perang pinangako niya!

Pasco Pero nagtatrabaho ka naman sa resort, na kumikita ng maayos na pera.

Melba Bilang isang katulong, alila. Ayoko noon. Wala kayong inatupag kundi yung kalayaan ng sirena na ‘yon, pero paano naman ako? Kailangan ko din ng kalayaan at dignidad.

Pasco Melba, kailangan mong isipin ang kapakanan ninyo hindi lang ngayon, pero sa kinabukasan. Kung ayaw mo sa resort, gusto mo bang magtrabaho sakín sa may diving area?

Melba Bibigyan mo ko ng trabaho? Sige ba! Makakapag-ipon ako kung ang gagawin ko lang ay ihatid ‘yung mga divers.

Pasco Magaling. Lahat tayo ay may isang marine sanctuary na dapat iligtas.

Black out

Scene 8

Guada *(Fredo is rowing)* Huh, nasaan si Alvin? Ayun yung bangka niya pero walang Laman at wala siya?

Fredo Tumalon siguro siya sa mga bato. Tignan mo ang bunganga ng kuweba. Kita mo ang buntot niya. Paahon na ang sirena.

Guada Oh, how exciting. Nakikita ko na siya sa ilalim ng tubig! At malapit na siya sa atin! Oh, sana hindi balyena.

Dyesebel *(perches on rocks behind the screen)* Dona Guada, matagal na kitang gustong makilala.

Guada Kilala mo ako?

Dyesebel Oo naman. Ginagamit mo ang pera mo para bayadan ‘yung mga empleyado mo na magnakaw ng mga hayop para ikulong sila sa aquarium mo.

Guada Oh, hindi, gusto kong iligtas ang mundo. Napakagandang tingnan ng mga isda kapag lumalangoy. Kailangan ng mga tao sa siyudad ng ganoong *entertainment*. Masyadong maingay, polluted, at masikip sa kanila, kaya gusto nilang pumupunta sa aquarium ko.

Dyesebel Edi imbis na aquarium, Baker hindi nalang... rehabilitation center? Isang institusyon na tumutulong sa mga injured animals dahil sa mga lambat, hooks, at plastic bags sa dagat. Ipakita niyo sa mga tao kung ano ‘yung nasisira at nasasaktan dahil sa kanila nang hindi nila alam.

Fredo Nasaan si Alvin?

Dyesebel Nandito lang siya sa harap mo, Fredo. *(she puts on Alvin’s glasses)* Dona Guada, gusto niyo pa ba siyang pakasalan?

Guada *(faint)* Umm, no, ayoko na.

Fredo Pero ako, oo. Bumalik ka sa lupa, Dyesebel.

Dyesebel Fredo... Hindi. Nagamit ko na ang pinakahuling transpormasyon ko para matulungan ang pagkakagawa ng sanctuary.

Fredo Kung hindi ka magbabago, sasama ako sa iyo. *(he is about to jump in the water)*

Dyesebel Fredo, hindi maaari ‘yon. Makakapagkita lang tayo sa pampang o sa mga kweba, kung saan nagtatagpo ang tubig at lupa. Hindi posible ang ating pag-ibig, Fredo. Isa lang itong panaginip, at kailangan mo ang panaginip na ito—para sa amin na nasa tubig, at inyo na nasa lupa. Magagamit mo din ‘yan para tawagan ako para tagpuin ka. (*dreamy*) Sa ilalim ng sinag ng buwan, dahil... isa itong makapangyarihang ganap ng isang panaginip.

Fredo Kung ganon, panaginip ko lang ito lahat?

Dyesebel Hindi, pero ikaw ang nasa panaginip ko. Palagi. Paalam, Fredo. (*music, Dyesebel dives under and disappears*)

Guada Napaka... napaka-pamilyar ng tunog na ito. Panaginip....

Fredo Panaginip. Ang musika. Anong ibig sabihin niyon?

Guada Simula pa ng bata ako, lagi ko nang panaginip na nakatira ako sa tubig. Kaya napaka-komportable ko sa aking aquarium. Pero ngayon... parang... it seems more real... as if I could jump overboard...and swim home. (*she begins to stand up*)

Fredo (*holds her down*) Umupo ka nga. Kumalma ka.. Hinihila tayo ng agos papasok sa kuweba. Kailangan kong mag-concentrate sa pagsasagwan o mababangga natin sila.

Guada Huwag kang mag-alala, may lumulutang lang doon sa tabi.

Fredo Ano? (*reaches for it*) Hindi. Bungo ko iyon! Lucia!

Guada (*she starts, realizing who she is*) Lucia? Yes! Yes! Anak ko?
Black out

The End